


Mga Tagubilin sa Pagboto sa Papel na Balota


Paano Markahan ang Iyong Papel na Balota:

- o Ganap na punan ang Obalo sa kanan ng iyong pinili
- o Gumamit ng isang plumang may itim o asul na tinta. HINDI PULANG TINTA.
- o Huwag gumamit ng mga markang tsek, X, linya o bilog
- o Walang personal na impormasyon o pagkakakilanlan na marka sa iyong Opisyal na Balota




Isinusulat-Lamang na Pagboto:

- o Ilimbag ang pangalan ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato sa blangkong espasyong inilaan
- o Ganap na punan ang obalo sa kanan ng espasyo para sa isinusulat-lamang
- o Huwag isulat ang pangalan ng isang kandidato na nakalimbag na sa balota



Iwasan ang Sobrang Pagboto. Upang matiyak na isasama sa pagbilang ang iyong boto, huwag bumoto ng mas maraming kandidato kaysa ipinahihintulot para sa bawat labanan.

Kung nakagawa ka ng **pagkakamali**, humiling ng isang pamalit na Balota o kung wala nang sapat na panahon upang makatanggap ng isang pamalit na balota sa pamamagitan ng koreo, maaari mong iwasto ito sa pamamagitan ng pag-cross out sa maling pinili at pagpuno sa tamang obalo gaya ng ipinakikita sa larawan.



Pagboto sa isang Sentro ng Pagboto:

- o Madaling magamit na mga makina sa pagboto
- o Mga kagamitang pangmarka sa balota
- o Mga Pamalit na Balota/Drop Box ng Balota
- o Mga materyal sa halalan at tulong sa wika
- o Pagpaparehistro ng botante



Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo:

- o Para sa Pagpapalit ng Balota, tumawag sa (408) 299-VOTE (8683) o walang bayad sa (866) 430-VOTE (8683)
- o Pagkatapos kumpletuhin ang iyong Balota, ilagay ang iyong binotohang Balota sa iyong sobre para sa pagbabalik na inilaan, kumpletuhin ang sobre at **IPIRMA** ang iyong pangalan sa tabi ng pulang "X" upang maisama sa pagbilang ang iyong balota

! SIGNATURE (REQUIRED) / PIRMA (KINAKAILANGAN) !

X John Smith

Ang iyong binotohang balota ay DAPAT ibalik bago lumampas ang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan O natatakan ng koreo sa o bago ang araw ng halalan at natanggap nang hindi lalampas sa 7 araw pagkaraan ng Araw ng Halalan.

Maagang ihatid o ipadala sa pamamagitan ng koreo ang iyong balota, upang ito ay mapasama sa unang mga Resulta ng Gabi ng Halalan!

Mga Opsyon sa Pagbabalik:

- ✓ Ipadala sa koreo ang iyong balota. **Hindi kinakailangan ng selyo**
- ✓ Ibalik sa isang **Drop Box ng Opisyal na Balota**
- ✓ Ibalik sa isang **Sentro ng Pagboto**
- ✓ Maaari kang magbigay ng nakasulat na pahintulot sa ibang tao upang ibalik ang Balota

Magpatala para sa "Where's My Ballot?":

Ang County ng Santa Clara ay naghahandog ngayon ng isang bagong paraan ng pagtunton at pagtanggap ng mga paunawa sa katayuan ng iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Pinatatakbo ng Ballot Trax, ipinagbibigay-alam sa iyo ng Where's My Ballot? kung nasaan ang iyong balota, at ang katayuan nito, sa bawat hakbang. Magpatala sa **WheresMyBallot.sos.ca.gov** upang makatanggap ng awtomatikong email, SMS (text), o tawag na mga paunawa tungkol sa iyong balota.

**Subaybayan ang katayuan
ng iyong balota sa**

www.sccvote.org



Isailalim sa
pagscan
ang barcode
na ito sa
pamamagitan
ng iyong
smart phone.